REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BILANG 59

KAPASIYAHAN NA HINIHILING KINA KGG. JUANITO FERRER, KALIHIM NG KAGAWARAN NG PAGAWAING BAYAN AT LANSANGANG BAYAN, KGG. GREGORIO ALVAREZ, UNDERSECRETARY AT ENGINEER EUGENIO MANALO, REGIONAL DIRECTOR SA NCR, NA MABILISANG IPAKONKRETO ANG LANSANGANG BAYAN MULA SA BUKANA NG SUSANA HEIGHTS SUBDIVISION HANGGANG SA MAY DULO NG TUNASAN ( MUNTINLUPA-SAN PEDRO BOUNDARY) AT MABILISANG PAGPAPALABAS NG NAKALAANG PONDO PARA SA NASABING LUGAR.

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, ang pagkakaroon ng isang matibay at maayos na lansangan ay magbibigay ng kaluwagan sa mamamayan (mga naghahanapbuhay, mag-aaral, mangangalakal at motorista);

SAPAGKAT, ang konkretong lansangan ay higit na matibay at tatagal kaysa aspalto lamang;

SAPAGKAT, ang kasalukuyang kondisyon ng lansangan sa nasabing lugar ay sirang-sira na siyang nagiging sanhi ng pagkakabuhol-buhol ng trapiko sa araw-araw;

SAPAGKAT, ang nakalaang ₱5.47 milyon para sa proyektong pagsasaayos ng lansangan sa Bayan ng Muntinlupa (aspalto, overlay at drainage system) na isasagawa ng Kagawaran ng Pagawaing Bayan at mga Lansangan (DPWH) ay ilaan at gawing konkreto na lamang ang nasabing lansangan at kung ano man ang kakulangan ay sa susunod na taon na lamang kukumpletuhin sa pamamagitan ng bagong badyet;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila ay nagpasiya at hinihiling na gawing konkreto ang lansangang-bayan mula sa bukana ng Susana Heights hanggang sa may dulo ng Tunasan (Muntinlupa-San Pedro boundary )at mabilisang pagpapalabas ng pondo upang maipagawa agad ang nasabing lansangan.

PINAGPASIYAHAN PANG MULI na bigyan ng sipi ng kapasiyahang ito na sina Kgg. Juanito Ferrer, Kalihim, Kagawaran ng Pagawaing Bayan at mga Lansangan, Kgg. Gregorio Alvarez, Undersecretary (DPWH) Engineer Eugenio Manalo, Regional Director sa NCR at District Engineer Salvador Pleyto.

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila sa kanilang pangtatlumpu' tatlong (33rd) pangkaraniwang pulong na ginanap noong ika-17 ng Oktubre, 1988.

KGG. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

KGG. JAIME R. FRESNEDI
Pang.Punong Bayan/Pang.Pangulong Opisyal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

pahina 2 (Kapasiyahan Bilang 59)

KGG. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

PINATOTOHANAN :

RAUL R. CORRO
Kalihim Bayan